

KEMH update:

Nananatiling walang kumpirmadong pagsusuri ng COVID-19 sa Falkland Islands

124 na samples na ang nakuha sa ngayon, at 86 na resulta ay natanggap na mula sa UK. Lahat sila ay negatibo sa COVID-19.

Patuloy na kumukuha ng mga samples at ipinapadala ito sa UK sa pamamagitan ng regular na Airbridge flights.

Kasalukuyang nagpapagaling na ang batang babae na nangailangan ng ventilator support. Wala na siyang ginagamit na ventilator ngunit patuloy pa rin siyang tumatanggap ng pangangalagang medikal sa ospital. Negatibo ang kanyang pagsusuri sa COVID-19, at nakita na siya ay may ibang seryosong viral respiratory condition.

Ang bata ay wala na sa isolation section ng ospital.

Kasalukuyang may dalawang pasyente sa KEMH na naunang inilipat mula sa MPA para sa pangangalaga at obserbasyon.

Ni isa sa kanila ay tumatatanggap ng ventilation care ngunit nasa isolation section ng ospital bilang pag-iingat.

Ipinadala na ang nakuhang samples mula sa parehong pasyente sa UK para sa pagsusuri.

Nakabalangkas na ang proseso ng aplikasyon:

Ngayong araw ay ilalabas na ng Gobyerno ng Falkland Islands ang detalye kung papaano mag-apply para sa paunang support package ng Falkland Islands Government para sa mga empleyado ng pribadong sektor, employers ng pribadong sektor, at ang mga self-employed na apektado ng COVID-19 pandemic.

Ginagawa natin ito para patibayin at suportahan ang pagkilos sa kalusugang pampubliko kung saan ginagawa na ng Gobyerno ng Falkland Islands para protektahan ang populasyon at mabawasan ang social at ekonomikong epekto ng mapaghamong isyu.

Ang mga hakbang na ito ay bahagi ng isang mas malawak na kabuuang suporta para sa komunidad ng Falkland Islands at ng ekonomiya.

Sa Biyernes ika-3 ng Abril 2020, ang Direktor ng Policy and Economic Development na si Andrew Gaule ay magbibigay ng update sa radyo patungkol sa kaka-anunsyo lang na support package ng Gobyerno para sa mga empleyado ng pribadong sektor at mga self-employed.

Supplies para sa isla:

Nandito na ang MV Scout Voyage 429 at mag-uunload sa FIPASS.

Ang cargo para sa susunod na Scout Voyage 431 ay papunta na patungong timog sa Uruguay, at ang paglalakbay ay inaasahang dumating sa Stanley sa katapusan ng Abril ayon sa nai-publish na schedule.

Nag-abiso rin ang SAAS na ang customer cargo ay nai-book na para sa susunod na voyage 433 (darating sa Stanley sa katapusan ng Mayo) at voyage 435 (darating sa Stanley sa katapusan ng Hunyo).

Walang inaasahang paghihirap o difficulties sa kasalukuyan sa kahit anong parte ng sea freight logistocs na nagbibigay ng scheduled Scout service.

Bagaman ang ibang gamit ay kasalukuyang hindi mabibili ng lokal dahil sa kakaibang purchasing patterns, halos lahat ng stock ay nasa normal levels, sapat na mapunan ang isa hanggang tatlong buwan na benta para sa karamihan ng major suppliers.

Ipagpapatuloy ng FIG ang pakikipagugnayan nito sa business sector at ang ating mga logistic partners para mapanatiling matibay ang ating supply links.

Concordia Bay:

Ang pangunahing layunin ng Workboat Services Ltd. ay mapanatili ang kritikal na linya ng supply sa ibang mga isla at sa West Falkland; at para maabot ito, mahalagang maprotektahan ang crew ng Concordia Bay mula sa pagkakasakit.

Sa layuning ito, ang schedule para sa Abril ay kinansela na at ang bagong schedule para ma-resupply ang West Falklands at iba pang mga isla ay nailabas na.

Ang mga delivery voyages na ito ay para sa mga mahahalagang supply, tulad ng pagkain, fuel, general consumables at susunod dito ay mga behikulo, gamit sa pagpapatayo o building materials, at iba ang mga general cargo ay i-aacomodate kung ito ay may kapasidad pa.

Gayunpaman kung ikaw ay may urgent na pangangailangan, maaaring makipagugnay sa Workboat Services at susubukan ka nilang tulungan kung maari. Mahalaga na paganahin ang mahusay na paggamit ng Concordia Bay, at dapat na makipagugnay ng maaga ang mga gumagamit ng Concordia Bay. Ang email nila ay admin@workboat.co.fk

Ang delivery ng SE Islands para sa lahat ng SE Islands, Fox Bay at Port Howard ay magaganap sa mga sumusunod na petsa:

Cargo Receiving o pagtanggap ng cargo: Abril 8 at 9

Deliveries: 13 hanggang 19 ng Abril

(Pakitandaan na ang mga cargo para sa Port Howard ay tinatanggap sa voyage na ito)

Ang susunod na delivery ng West Islands para sa lahat ng Western Islands ay magaganap sa mga susunod na petsa:

Cargo Receiving o pagtanggap ng cargo: Abril 23 at 24
Deliveries: 27 ng Abril hanggang 3 ng Mayo

Pakitandaan na ang mga petsa na ito ay maaaring magbago depende sa mga mangyayari.

Abiso para sa repatriation:

Mapapansin natin na ang Gobyerno ng UK ay nag-aayos ng pagbabalik o repatriation flights para sa mga na-stranded na British Nationals (turista mula sa UK at mga naglalakbay na negosyante) na hindi makauwi dahil sa pagkagambala ng mga rutang panghimpapawid.

Nililinaw ng Gobyerno ng Falkland Islands na ang mga flights na ito ay hindi para sa mga British Nationals na kasalukuyang residente o nagtatrabaho sa Falkland Islands.

Sa kamalayan ng lahat ng tao, ang komersyal na ruta ng LATAM ay tinigil sa loob ng isang buwan, ngunit ang Military Airbridge flights ay mananatili sa operasyon, na lumilipad ng dalawang beses sa isang linggo pabalik ng UK.

Sinuman, na mula sa ibang bansa, na kasalukuyang nananatili sa isla, na nangangailangang ipaliwanag ang kanilang personal sa sitwasyon ay dapat na makipagusap sa kanilang employer alinman sa pampribadong sektor, o kung empleyado ng Gobyerno ay makipagugnayan sa kanilang manager.

Kinikilala ng Gobyerno na ito ay nakakabahalang mga panahon para sa lahat, lalu na sa mga taong may pamilya sa ibang bansa.